



### Pinapahaba ang kautusan ng pagsusuot ng mask sa Brampton Transit hanggang Hunyo 11

BRAMPTON, ON (Abril 25, 2022) – Kaayon sa [mga regulasyon ng Pamahalaan ng Ontario na inanunsiyo noong Abril 22](#), pahahabain ng Lungsod ng Brampton ang kautusan sa pagsusuot ng mask sa mga bus ng Brampton Transit at sa loob ng terminal mula April 27 hanggang sa hatinggabi ng Hunyo 11. Ang mga rider ay inuutusan na magsuot ng mga mask sa mga bus ng transit at sa loob ng mga terminal ng transit.

Ang mga rider ay pinapaalalahanan na ang mga mask ay kailangang tumatakip sa kanilang mga bibig, panga at ilong. Pinapaalalahanin din ang mga rider na manatiling ligtas at tumulong sa pagprotekta sa iba sa pamamagitan ng pagdadala ng hand sanitizer, madalas na paghuhugas ng kanilang mga kamay at manatili sa bahay at huwag magbiyahe kung masama ang kanilang pakiramdam.

Nangunguna naming prayoridad ang kalusugan at kaligtasan ng aming mga pasahero at staff. Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health, sa Pamahalaan ng Ontario, at sa Tanggapan ng Brampton Emergency Management para patuloy na subaybayan ang mga panganib.

Bisitahin ang [www.bramptontransit.com](http://www.bramptontransit.com) o sundan ang [@bramptontransit](https://twitter.com/bramptontransit) sa Twitter para sa mga update. Maaaring idirekta ang mga tanong sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

-30-

#### KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)